Tagalog

Ano ang ilang bagay na maaari kong aktibong gawin para abalahin at labanan ang racism?

Paano maging Kakampi:

Ang kakampi ay taong nagsasagawa ng panlipunang pagkilos at ginagamit ang pribilehiyo nila para abalahin ang racism

Magsalita! Ang katahimikan ay pagiging kampante! Abalahin ang pag-uugaling racist at pagdidiskrimina sa sandaling nangyayari ito

Makipagtalakayan tungkol sa racism sa iyong pamilya, mga kaibigan, mga kasamahan, at mga katrabaho

Ibahagi ang mga natutunan mo tungkol sa laban-sa-racism sa pamamagitan ng social media

Palakasin ang mga boses ng mga Itim, Katutubo at mga taong may kulay (BIPOC):
- Makinig sa mga karanasan ng buhay
- Maniwala sa mga karanasan
- Patotohanan ang epekto ng mga negatibong karanasan

CITY OF VANCOUVER

Tagalog

Paano abalahin ang pag-uugaling racist at pagdidiskrimina sa sandaling nangyayari ito

Gamitin ang paghusga mo para pagpasyahan kung ano ang pinakaligtas na paraan para maabala mo ang sitwasyon. *Ang racism ba ay lantarang marahas o tago?*

Tandaan na ang mga taong BIPOC ay di laging nakakaramdam na mas ligtas sila sa presensiya ng pulis, tanungin ang tao kung gusto nila ang tulong mo, at sa anong paraan. Manatiling kasama ng tinatarget na tao kung tinawagan na ang 911

Magsalita - ito ay maaaring anumang bagay para mapahinto ang kung anong mangyayari, halimbawa "uy, hindi okay ang nangyayari dito"

Hindi ka kailangang makipag-argumento sa publiko sa taong racist kung sila ay sumisigaw o marahas na kumikilos.

Ang layunin mo ay dapat para kalmahin ang sitwasyon at siguruhin na ang taong nakakaranas ng racism ay ligtas

Kumustahin ang taong nakakaranas ng diskriminasyon. Ito ang taong kailangan ng iyong atensiyon. ***Magtanong kung may anuman silang kailangan, magtanong kung puwede mo silang samahan sa paglalakad sa lugar na ligtas, o kung may taong gusto nilang tawagan.*** Tanungin ang taong apektado "okay ka ba" o "matutulungan ba kita". Maging bukas din kung wala silang direktang kailangan mula sa iyo.

Kung ang taong nakakaranas ng racism at ang kakampi ay nagsasalita ng magkakaibang wika, maaari mong subukang kawayan ang tao na parang kilala sila, o kawayan silang lumapit sa iyo.

CITY OF VANCOUVER

Ihandog ang suporta mo kung interesado ang taong iulat ang insidente

Ikasisiya kong samahan ka para magsampa ng reklamo tungkol sa insidenteng ito

o alukin ng pag-aalaga makalipas.

May karapatan ka sa respeto at hindi itrato na tulad nito. Mali at nakakasakit ang ginawa niya/nila. Pinagkakatiwalaan kita at narito ako para sa iyo.

CITY OF VANCOUVER

Tagalog

Kung tago ang racism, sa sitwasyong ito, makakabalik ka sa taong kumikilos na racist at ipaliwanag sa kanila kung bakit ang sinabi nila ay racist.

Gumamit ng nakikiramay na komprontasyon:

Ang nakikiramay na komprontasyon ay maaaring gamitin sa maraming setting kasama ng iyong mga kaibigan, pamilya, paaralan, sa mga pampublikong espasyo, atbp…

Tagalog

CITY OF VANCOUVER

May maiisip ka bang ibang sitwasyon kung saan maaari kang maging kakampi o abalahin ang sitwasyon?

Ang pagiging kakamping kasabwat at ang pagtatrabaho para kalasin ang racism ay patuloy na gawain. Tulad ng paggawa ng anumang bagay na bago - maaaring mahirap ito sa una, o hindi kumportable, pero mananatiling masugid sa pagkilos!

Isipin kung ano ang itsura ng ating lungsod kung tayong lahat ay nagtatrabaho para kalasin ang mga sarili nating pagkiling sa lahi at pag e-eduka sa mga taong nakapaligid sa atin.

Alam natin na ang mga dulugang ito ay hindi bagay sa lahat, kunin ang gumagana, iwan ang hindi, pero imbitasyon ito para sumubok. Makakapagtrabaho tayong magkasama para gawin itong malakas at ligtas na lungsod para sa ating lahat!

Slow Factory Foundation: Ang Apat na Dimensiyon ng Racism
CitizenU: Pagsasanay Laban sa Diskriminasyon at Laban sa Pambu-bully para sa Kabataan sa Vancouver
Mga Salita + Disenyo ng Nahanee Creative Inc.

Tagalog

CITY OF VANCOUVER